EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA: MGA HAKBANG PARA MAGHANDA

1. Earthquake Warning California

Hindi pa rin mahulaan ng mga siyentipiko ang mga lindol, pero salamat sa bagong teknolohiya, mga indibidwal at organisasyon na pwedeng potensyal na tumanggap sa ilang segundo ng babala para makagawa ng angkop na mga pag-iingat para sa kaligtasan bago mangyari ang lindol. Ginagamit ng Earthquake Warning California ang California Integrated Seismic Network, na isang samahan sa pagitan ng Cal OES, United States Geological Survey (USGS), US Berkeley, ang California Institute of Technology, at ang California Geological Survey. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay makatukoy ng makabuluhang magnitude, ang sistema ay mag-iisyu ng mensahe sa ShakeAlert®, na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig. Para makatanggap ng mga babala ng lindol, pwedeng i-download ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya ang MyShake App at siguraduhing naka-adjust ang mga setting ng telepono para makatanggap ng mga alerto ng emerhensya kasama ang:

DON'T GET CAUGHT OFF GUARD

Pwedeng mangyari ang lindol sa California anumang oras. Naninirahan ka man o bisita, kailangan mong tumugon ng mabilis para mabawasan ang mga pinsala o panganib. Sa panahon ng lindol, pwedeng ma-block ang mga ruta sa paglalakbay, ang dumadaloy na gas o tubig ay maaaring makumpromiso ang kaligtasan, at maaaring limitado ang access sa teknolohiya. Kritikal ang paghahanda.

Isinulat ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ang sheet ng tip na ito na may kasamang mapagkukunan para sa paghahanda sa lindol.. Paki-share ang impormasyong ito at himukin ang iba pa sa iyong komunidad na makibahagi sa pagpaplano para sa emerhensya. Ang mas higit na mapagkukunan ay available sa earthquake.ca.gov.

- **Wireless Emergency Alerts (WEAs):** Walang bayad na mga mensahe sa text para sa mga sitwasyong emerhensya (magnitude 5.0 o mas mataas at pagyanig na Modified Mercalli Intensity IV);
- **MyShake App:** Ang libreng app sa smartphone na nagbibigay sa mga user ng iPhone at Android na may mga babala na audio at visual (magnitude 4.5 o mas mataas at mga pagyanig na Modified Mercalli Intensity III). Available sa mga store ng Apple App at Google Play; at
- **Mga Android Earthquake Alert:** Los teléfonos Android con sistema operativo actualizado son suscritos automáticamente a Android Earthquake Alerts, , la cual usa la misma tecnología que MyShake App.

Mga Pakinabang at Paggamit

Ang Earthquake Warning California ay maaaring magbigay sa mga pampublikong organisasyon sa kaligtasan ng oras para dumapa, magtago, at mag-antabay, at mabawasan ang posibilidad ng pinsalang malaglagan ng kagamitan. Ang mga bumbero sa labas ay maaaring pumasok sa mapanganib na lugar at malantad sa matinding pagyanig, mula sa paglindol o sa aftershock, na maaaring magresulta sa pinsala o kamatayan. Karagdagan pa, kapag walang sistema ng awtomatikong gumaganang pintuan ng garahe, maaaring maipit ang truck ng bumbero sa estasyon kapag nasira ang mga pintuan habang lumilindol. Mapipigilan nito na epektibong makaresponde sa isang emerhensya ang mga bumbero.

Maaaring idagdag ng estasyon ng bumbero ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California sa ganitong paraan:

- Magkabit ng mga awtomatikong sistema sa pagpapagana ng mga pintuan ng garahe upang bumukas ang mga ito pagkatanggap ng babala sa lindol.
- Ikunekta ang mga babala ng lindol sa estasyon ng sistema ng alarma para magbigay ng madaliang babala sa mga bumbero para dumapa, magtago, at mag-antabay
- Mag-install ng isang awtomatikong activation system para sa mga back-up na generator kapag nawala ang kuryente.
- Idagdag ang teknolohiyang Earthquake Warning California sa mga mobile device para sa mga unang tagatugon na nasa labas
- Idagdag ang teknolohiyang Earthquake Warning California sa mga dashboard para sa mga bumberong nasa daan upang mabigyan ang mga nagmamaneho ng oras pabagalin at ihinto ang mga truck ng bumbero hanggang sa humupa na ang mga pagyanig

Paghahanda

Kapag nagaganap ang mga paglindol, binibigyang-daan ng napakabilis na pag-uulat ang mga tagapamahala ng publiko at emerhensya na tasahin ang mga potensyal na epekto, tukuyin kung anong uri ng pang-emerhensyang pagtugon ang pinakamagiging epektibo, at i-coordinate ang mga pagsisikap sa emergency response. Ang pagiging handa ng komunidad ay pangunahing prayoridad sa pagpapagaang ng epekto ng mga lindol at iba pang mga likas na sakuna. Sa ibaba ang limang tip na pwedeng tumulong sa proseso sa paghahanda:

1. **Unawain ang mga Kahinaang dulot ng Lokal na Peligro.** Tasahin ang kahinaan ng komunidad sa mga peligro at unahin ang mga hakbang sa pagiging handa para sa mga natukoy na lugar. Tukuyin ang mga partikular na imprastrakturang maaaring maging mapanganib kapag may lindol, gaya ng mga overpass, tulay, linya ng gasolina, mga sistemang pang-komunikasyon, mga palingkurang-bayan, mga serbisyo sa tubig, o mga dako ng konstruksyon. Ang kasiraan sa imprastraktura sa mga daraanan ay maaaring mahigpit na makapigil sa kakayahan ng pulisya, bumbero, at mga serbisyo sa medikal na emerhensya na kumilos nang mabilis pagkatapos ng paglindol.

2. **Tasahin ang Kasalukuyang mga Plano sa Pagtugon sa Lindol.** Tukuyin kung ano ang sangkot sa araw-araw na operasyon at kung paano maaaring makaapekto ang lindol sa mga pagganap na ito. Halimbawa, pwedeng lumitaw ang lindol kasabay ng isang sunog, pampublikong krisis sa kalusugan, matinding kainitan, o iba pang pangyayaring emerhensya. Sa panahon ng emerhensya, ang mga normal na linya ng komunikasyon ay maaaring magambala o umapaw. Magkaroon ng plano upang mapanatiling bukas ang linya ng komunikasyon sa panahon ng sakunang malakihan ang epekto, at kung paano ipapadala ang mga naaangkop na pangkat upang makapagbigay ng tulong pagkatapos ng paglindol.

3. **Mag-download ng MyShake App at I-adjust ang Mga Setting ng Telepono.** Ang MyShake App, mga Alerto sa Lindol ng Android at mga WEA ay maaaring maging karagdagan sa mga umiiral na sistema sa pagbababala, at makapagbibigay ito ng oras sa mga unang tagatugon na magtago bago magsimula ang pagyanig. Dapat ipakita ng mga organisasyon sa mga empleyado kung ano ang tunog at itsura ng babala sa lindol. Tiyakin na alam ng mga empleyado kung paano paganahin ang mga mobile device upang makakuha ng mga babala sa lindol, gaya ng pagtatakda sa mga setting ng lokasyong telepono sa "palaging naka-on."

4. **Idagdag ang mga Babala sa Lindol sa Pagsasanay sa Emerhensya.** Dapat ay pamilyar ang mga alagad ng pampublikong kaligtasan at mga unang tagatugon sa mga tool ng Earthquake Warning California at kung paano gamitin ang mga ito. Tukuyin kung anu-anong pagkilos ang nararapat na isagawa para sa bawat sektor ng pampublikong kaligtasan kapag may inilabas na babala, gaya ng pagbubukas ng mga fire door o ligtas na pagpapahinto ng sasakyan ng pulisya upang magtago.

5. **Ituro sa Publiko ang Pagiging Handa.** Ang mga organisasyon sa pampublikong kaligtasan at ang mga unang tagatugon ay kadalasang nasa unahan ng mga pagsisikap sa ugnayan ng komunidad at maaaring magkaroon ng napakalaking epekto sa pagtulong sa publiko na matutuhan ang tungkol sa, at mapagtibay ang mga mapagkukunan na magpapanatiling ligtas sa kanila sa panahon ng isang emerhensya. Isaalang-alang ang pagdaragdag ng mga mapagkukunan ng Earthquake Ready California sa mga pagtatanghal ng komunidad ukol sa pampublikong kaligtasan, pati na rin ang kung paano i-install o paganahin ang mobile na teknolohiya, at mga pagkilos na dapat ipatupad kapag nakatanggap sila ng babala sa lindol.

EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA

Para sa Higit na Impormasyon:

Pinapangasiwaan ng Cal OES ang Earthquake Warning California Nagbibigay ito sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad ng madaling ma-access na babala sa lindol, at impormasyon tungkol sa pagiging handa sa emerhensya, at mga mapagkukunan. Para sa mga pinakabagong balita at mapagkukunan, bisitahin ang earthquake.ca.gov. Magpadala ng mga katanungan o mga komento sa fact sheet na ito sa earthquakeinfo@caloes.ca.gov.

Para sa impormasyon, mga katanungan, o mga komento na may kinalaman sa fact sheet na ito, esumulat sa Cal OES sa: earthquakeinfo@caloes.ca.gov.